

Bakit Dapat Maging Buhay na Donor ng Bato?

Napakalaki ng maitutulong ng buhay na donor sa isang pasyente na makatanggap ng batong makakapagligtas ng buhay. Maaaring magsilbing mga buhay na donor ang mga kamag-anak, mahal sa buhay, kaibigan, at taong gustong manatiling anonymous.

Agarang pangangailangan para sa mga donor ng bato

90,000

American ang naghihintay para sa mga transplant ng bato.

Mahigit 10% ang nakatira sa San Francisco Bay Area¹



Maaaring gumugol nang **hanggang 10 taon** sa dialysis ang isang pasyente habang naghihintay³

Ang average na tagal ng paghahintay para sa bato mula sa namatay na donor sa California ay **5 – 8 taon**



Mga taga-California na naghihintay para sa mga transplant ng bato na makakapagligtas ng buhay²

47%

Latinx

22%

Mga Asian at Pacific Islander

19%

Mga White American

11%

Mga Black American

1%

Mga Native American at Multiethnic

Mga uri ng mga buhay na donor



Direkta

Mga donor para sa miyembro ng pamilya o kaibigan nangangailangan.



Hindi Direkta

Mga donor sa "paired" o "chain donation." Mapupunta ang organ ng donor sa isang taong hindi kakilala kapalit ng compatible na organ na na-donate sa kanilang mahal sa buhay. Maaaring iugnay sa donation "chain" ang maraming pares ng buhay na donor at tatanggap upang ma-maximize ang bilang ng mga tumugmang transplant.



Hindi direkta

Mga donor na walang nakalaang tatanggap, na personal nilang kilala, at magresulta ito sa higit pang chain donation.

Mas malamang na makakaranas ng pagpalya ng bato ang people of color.

Ang Latinx ay **1.3 beses na mas malamang na makaranas nito** kaysa sa hindi Latinx



Kinakatawan ng Mga Black American ang **35%** ng mga may pagpalya ng bato



Dumoble ang mga rate sa Mga Asian American na nasa 30-39 taong gulang



Pagkatapos mong mag-donate ng bato

Tutumbasan ng natitira mong **1 bato** ang nawalang bato at gagaling ito upang makapamuhay ka nang normal.



Karaniwang nananatili sa ospital ang mga donor nang **2 araw** pagkatapos ng operasyon. Maaaring bumalik sa mga normal na aktibidad ang karamihan sa mga donor **sa loob ng 6 na linggo**.

Learn more at stanfordhealthcare.org/donatekidney

1 OPTN Organ Procurement Transplant Network, na-access noong Agosto 31, 2022, <https://optn.transplant.hrsa.gov>

2 "State data," Organ Procurement & Transplantation Network, na-access noong Abril 13, 2023, <https://optn.transplant.hrsa.gov/data/view-data-reports/state-data/>

3 Kidney and Pancreas Transplant Program, Stanford Health Care, na-access noong Marso 22, 2022,

<https://stanfordhealthcare.org/medical-clinics/kidney-transplant-program.html>

4 National Kidney Foundation, na-access noong Abril 18, 2023, <https://www.kidney.org>

Bakit Dapat Maging Buhay na Donor ng Bato?

Mga Madalas Itanong

Gaano kalaki ang panganib ng operasyon para sa buhay na donor?

Karaniwang ligtas ang operasyon upang makapag-donate ng bato; nasa 3 sa 10,000 ang panganib ng pagkamatay na napakababa. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa mga panganib sa website ng United Network for Organ Sharing (UNOS).⁵

Maaari bang mag-donate ang mga adult na mahigit 50 taong gulang?

Oo. Nakapag-donate ang ilang taong nasa mga 60 taong gulang. Sumasailalim sa isang masusing medikal na pagsusuri ang lahat ng potensyal na buhay na donor upang malaman kung ligtas ang pag-donate.

Paano kung hindi ako tugma para sa taong gusto kong pagbigyan ng aking bato?

Kung hindi ka tutugma, maaari kang maging bahagi ng “donation chain” kung saan ido-donate mo ang iyong bato sa isa pang tatanggap kapalit ng compatible na bato para sa iyong mahal sa buhay. Nagreresulta ang donation chain sa dalawa o higit pang transplant, kabilang ang isa para sa iyong miyembro ng pamilya o kaibigan at isa pa para sa compatible na tatanggap ng iyong bato.⁶

Pinapahintulutan ba ng aking pananampalataya at mga tradisyon ang pag-donate ng organ?

Maraming relihiyon ang itinuturing ang pag-donate ng organ bilang isang mabuting gawain o isang usaping nakabatay sa konsensya ng indibidwal. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin, kumonsulta sa iyong espirituwal na tagapayo.

Sino ang kwalipikadong maging buhay na donor?

Nasa mabuting kalusugan dapat ang mga buhay na donor. Sumasailalim sa isang komprehensibong medikal na pagsusuri ang lahat ng potensyal na buhay na donor upang malaman kung ligtas ang pag-donate para sa tatanggap at donor. Tumatanggap kami ng mga potensyal na buhay na donor mula sa lahat ng lahi, etnisidad, kasarian, at sekswal na oryentasyon.

Saan ko maaaring malaman ang mga karanasan ng mga buhay na donor?

Makakakita ng mga kuwento ng donor at pasyente sa UNOS Transplant Living community sa transplantliving.org/community, donatelife.net/stories, at donatelifecalifornia.org.

Nag-aalok ba ang Stanford Health Care ng impormasyon at suporta para sa mga buhay na donor?

Nangangasiwa ng mga peer-to-peer na appointment ang aming mga social worker at team para sa mga potensyal na donor na may mga tanong at nangangailangan ng suporta. Kinakatawan ng mga independiyenteng tagapagtaguyod ng donor ang mga karapatan ng donor at nagbibigay sila ng suporta mula sa sandaling makipag-ugnayan ang donor sa aming programa hanggang sa matapos ang pag-donate. May mga available na staff interpreter sa personal, sa pamamagitan ng telepono, at sa pamamagitan ng video sa mga pinakahinihiling na wika, kabilang ang Spanish, Mandarin, Cantonese, Vietnamese, Russian, American Sign Language (ASL), Farsi/Dari, at Korean.

Kailangan ko ba ng insurance sa kalusugan upang makapag-donate ng bato?

Hindi kinakailangan ng sariling insurance sa kalusugan ng donor at hindi ito kasama sa proseso ng pag-donate. Hindi ka sisingilin para sa medikal na workup o mga medikal na procedure na direktang nauugnay sa pag-donate, kahit na hindi ka mag-donate kailanman. Maaari ka ring kausapin ng aming team ng eksperto tungkol sa kung paano talakayin ang pag-donate ng bato sa iyong employer at tungkol sa mga programang maaaring sumasaklaw sa mga hindi medikal na gastusin na nauugnay sa pag-donate ng bato.

Paano ako matututo pa?

- Sigurado ka man o hindi na gusto mong maging buhay na donor, ang unang hakbang ay simulan ang pakikipag-usap at tawagan ang aming team para sa buhay na donor sa **650-498-8382**. Handa kaming sagutin ang lahat ng tanong tungkol sa pagdo-donate ng bato habang nabubuhay pa.
- Kung interesado kang maging donor para sa mahal sa buhay, kaibigan, o isang taong nangangailangan sa listahan para sa transplant ng kidney ng Stanford Health Care, ang susunod na hakbang ay kumpletuhin ang aming medikal na questionnaire para sa buhay na donor upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado sa pag-donate sa stanfordhealthcare.org/donatekidney.
- Upang matuto pa tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa; mahahalagang katotohanan tungkol sa pagdo-donate ng organ habang nabubuhay pa; at mga kuwento ng donor na nakakapagbigay ng inspirasyon, bisitahin ang stanfordhealthcare.org/livingdonor.

⁵ “Pros and Cons for a Living Donor,” UNOS Transplant Living, na-access noong Agosto 31, 2022, <https://transplantliving.org/kidney/pros-and-cons-for-a-living-donor>

⁶ “Kidney Donor Chains,” Kidney Transplant, <https://stanfordhealthcare.org/medical-treatments/k/kidney-transplant-surgery/types/chain-donation.html>